




Ang pasukan sa mga paaralan sa Japan ay nagsisimula sa Abril at nagtatapos sa Marso ng susunod na taon para sa isang "academic year". Mayroong 6 na taon sa elementarya (shogakko), 3 taon sa junior high school (chugakko), at 3 taon sa senior high school (koukou). Ang elementarya at junior high school ay bahagi ng "compulsory education" o obligadong pag-aaral. Ang mga bata ay pumapasok sa elementarya sa taon na sila ay magiging 7 taong gulang at nagtatapos sa taon na sila ay magiging 12 taong gulang. Ang junior

high school naman ay nagsisimula sa taon na sila ay magiging 13 taong gulang at nagtatapos sa taon na sila ay magiging 15 taong gulang.

Hindi obligado ang mga batang dayuhan na pumasok sa mga paaralan sa Japan, ngunit inirerekomenda ng Nagano City Board of Education ang pagpasok sa elementarya at junior high school. Ang baitang (grade level) ng bata ay ibinabase sa kanyang edad. Para sa proseso ng pag-enroll, kailangang magparehistro muna bilang residente sa City Hall (Sogo Madoguchi). Pagkatapos, pumunta sa School Education Division (Gakko Kyoiku-ka) at dalhin ang Residence Card (Zairyu Card) ng bata at ng magulang upang mag-apply.



Sa mga pampublikong elementarya at junior high school, libre ang matrikula (tuition) at mga textbook, ngunit ang mga magulang ang nagbabayad para sa school lunch (kyushoku) at mga kagamitan sa pag-aaral. Gayunpaman, kung maliit ang kita ng magulang, maaaring makatanggap ng tulong pinansyal para sa mga kagamitan sa paaralan at pagkain. Dahil may sineserbing lunch sa paaralan, hindi na kailangang maghanda ng baon (obento).

Bukod dito, kung ang isang batang kasalukuyang nag-aaral ay lilipat sa ibang lungsod o bayan, kailangang kumuha ng mga dokumento para sa paglipat (transfer) mula sa kasalukuyang paaralan at i-apply ito sa Board of Education ng lugar na lilipatan.

Upang makapasok sa senior high school sa Japan, kailangang pumasa sa entrance examination. Para sa mga dayuhang naninirahan sa Nagano Prefecture, maaaring mayroong espesyal na konsiderasyon tungkol sa paraan ng pagsusulit. Para sa karagdagang detalye, pakitingnan ang website ng Nagano Prefecture Board of Education, High School Education Division.

Website ng Nagano Prefecture High School Education Division →

